REPUBLIKA NG PILIPINAS
REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**KAGAWARAN NG EDUKASYON**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

***Tanggapan ng Kalihim***
***Office of the Secretary***

Direct Line: 633-7208
E-Mail: deped@pacific.net.ph
Website: http://www.deped.gov.ph

APR. 2 9 2003

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 142 , s. 2003

IKA-6 NA TAGISANG PILIPINO NG KULTURANG PAMANA

Sa mga: Direktor ng Kawanihan
Director ng Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong Guro ng mga Pribadong Paaralang Sekundarya
Tagapangulo, Komisyon sa Lalong Mataas na Edukasyon

1. Ang Kulturang Pamana, isang non-government organization na nagtataguyod ng mga pagpapahalagang pangkalinangang Pilipino ay magdaraos ng ika-6 na Tagisang Pilipino sa De La Salle-Zobel, Lungsod ng Muntinlupa sa Agosto 9, 2003, Sabado.

2. Ang "Tagisang Pilipino", ay tungkol sa kaalaman sa lahi, kultura at bansang Pilipino para sa mga mag-aaral ng hayskul at kolehiyo, pampribado at pampubliko. Ang mga paksa ay ang mga sumusunod:

a. Kasaysayan (Sino ang mga pinaka-unang mga nanirahan sa Pilipinas?);
b. Kaugalian (Ano ang tawag sa kusang-loob na pagtutulungan?);
c. Mga Bagong Kaganapan (Ano ang pangalan ng bagong boulevard na labis-labis ang patong sa nagastos sa paggawa nito?);
d. Sariling Wika (Katumbas ng "aloha"?);
e. Sariling Awit (Pamukaw-Awit ng Himagsikang EDSA?);
f. Sariling Tanawin, Sariling Sayaw, atbp.

3. Inaasahang ang mga dadalo ay mga mag-aaral mula sa hayskul at pamantasan (kahit anong taon), tatlong (3) mag-aaral at isa o higit pang tagapagturo bawat paaralan ang maaaring lumahok-isang pangkat mula sa hayskul at isang pangkat mula sa kolehiyo. Kung ang paaralan ay may higit sa isang kampus, annex, kolehiyo o hayskul, maaari ding magpadala ng kani-kanilang mga pangkat ng kalahok. (Paalala: Mag-uniporme po ang mga kalahok at tagapagturo).

4. Ang mga gurong magmumula sa pampublikong paaralan ay pinapayagang dumalo sa opisyal na oras lamang. Magkakamit ng tropeo, medalya, salapi o gift certificate, katibayan ng paglahok, T-shirt at sari-saring mga produkto ng mga tagatangkilik ang mga magwawagi.

5. Kalakip nito ang isang sipi ng pinaliit sa poster ng tagisan tungkol sa mekaniks ng patimpalak. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-alam kay G. Jun Tanyag, SDC, Basement, Lopez Bldg., Meralco, Ortigas Ave., Pasig City, 0300 Metro Manila o tumawag sa tel. blg. 641-08-59 lokal 2345 o fax blg. 622-27-14.

5. Hinahangad ang mabilis at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

EDILBERTO C. DE JESUS
Kalihim

Kalakip:
Gaya ng nasasaad

Sanggunian:
Memorandum Pangkagawaran Blg. 132, s. 2001

Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan sa ilalim
ng mga sumusunod na paksa:

CONTESTS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
STUDENTS

(Enclosure to DepEd Memorandum No. 142, s. 2003)

Sumali sa Ika-6 na

# TAGISANG PILIPINO

ng

Kulturang Pamana ©1994
Sariling Kultura
Pambansang Pamana

## ISANG TAGISAN NG KAALAMAN SA LAHI, KULTURA AT BANSANG PILIPINO



Unibersidad ng Santo Tomas
Kampeon, Tagisan ng mga Pamantasan



Nueva Ecija Univ. of Science & Technology High School
Kampeon, Tagisan ng mga Hayskul

**Sabado, Agosto 9, 2003 Ika-8:00 NU**
**Angelo P. King Center for Performing Arts**
**De La Salle Santiago Zobel School**
**Lungsod ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila**

## MGA PATAKARAN

1. MGA MAG-AARAL ng hayskul at pamantasan (kahit anong taon), TATLONG (3) mag-aaral at isa o higit pang tagapagturo bawat paaralan ang maaaring lumahok. Ang isang paaralang may hayskul at kolehiyo ay maaari ding magpadala ng dalawang pangkat ng kalahok—isang pangkat mula sa hayskul at isang mula sa kolehiyo. Kung ang paaralan ay may higit sa isang kampus, annex, kolehiyo o hayskul, maaari ding magpadala ng kani-kanilang mga pangkat ng kalahok. (Paalala: Mag-uniporme po ang mga kalahok at tagapagturo.)
2. PIPILIIN sa panimulang tagisan (elimination round) sa umaga ang labinlimang hayskul at labinlimang pamantasan na magtatagisan sa hapon. Sa Tagisan ng mga Hayskul, ang limang may pinakamataas na iskor ang magkakamit ng una hanggang ika-limang gantimpala. Lima ring gantimpala ang nakalaan sa Tagisan ng mga Pamantasan.
3. SA PANIMULANG tagisan, sampung minuto ang ibibigay sa mga kalahok upang sagutin ang mga nakasulat na tanong. Sa tagisan sa hapon, may limang segundo ang mga kalahok upang sagutin ang bawat madali (easy), medyo mahirap (average) at mahirap (difficult) na tanong ng guro ng tagisan o quiz master.
4. BAGAMAT ANG OPISYAL na talaan ng mga kalahok at tagapagturo ay maaaring ibigay pagrehistro ng mga dadalo/kalahok sa araw ng tagisan (Agosto 9), malaking tulong sa mga namamahala kung maipapadala agad ang BILANG NG POSIBLENG DUMALO at kahilingang IPAGLAAN NG TUTULUYAN (kung kinakailangan) para sa kaukulang paghahanda (ng pagkain, tirahan, regalo mula sa mga isponsor, T-shirt, atbp.).
5. Para sa ibang detalye, makipag-ugnay kay ______________________________, Punong Tagapag-ugnay ng Kulturang Pamana sa inyong paaralan.

### MGA GANTIMPALA

Tropeo, medalya, salapi o gift certificate, katibayan ng paglahok, T-shirt at sari-saring mga produkto ng mga tagatangkilik

### MGA PAKSA

Kasaysayan (Sino ang pinaka-unang mga nanirahan sa Pilipinas?), Kaugalian (Ano ang tawag sa kusang-loob na pagtutulungan?), Mga Bagong Kaganapan (Ano ang pangalan ng bagong boulevard na labis-labis ang patong sa nagastos sa paggawa nito?), Sariling Wika (Katumbas ng "aloha"?), Sariling Awit (Pamukaw-awit ng Himagsikang EDSA?), Sariling Tanawin, Sariling Sayaw, atbp. tungkol sa lahi, kultura at bansang Pilipino

SA PAKIKIPAGTULUNGAN NG:

De La Salle Zobel | DepEd | CHED | DOT | KWF | Unilever